PAG-UNAWA SA EMPTY HOMES TAX

CITY OF VANCOUVER

重要提示：這包含有關房屋空置稅 (Empty Home Tax) 的資訊。如需翻譯或了解更多資料，請瀏覽：**vancouver.ca/eht**

重要提示：这包含有关房屋空置税 (Empty Home Tax) 的信息。如需翻译或了解更多信息，请访问：**vancouver.ca/eht**

ਮਹੱਤਵਪੂਰਣ: ਇਸ ਨੋਟਿਸ ਵਿੱਚ ਖਾਲੀ ਘਰਾਂ 'ਤੇ ਟੈਕਸ [Empty Homes Tax] ਬਾਰੇ ਜਾਣਕਾਰੀ ਸ਼ਾਮਲ ਹੈ। ਅਨੁਵਾਦਾਂ ਜਾਂ ਵਧੇਰੇ ਜਾਣਕਾਰੀ ਲਈ, ਕਿਰਪਾ ਕਰਕੇ ਵੇਖੋ: **vancouver.ca/eht**

QUAN TRỌNG: Thông báo này có thông tin về Thuế Nhà Bỏ Trống [Empty Homes Tax]. Để có bản dịch hoặc biết thêm thông tin, xin vui lòng truy cập: **vancouver.ca/eht**

IMPORTANTE: Ito ay naglalaman ng impormasyon sa Buwis sa Bahay na Walang Nakatira [Empty Homes Tax]. Para sa mga salin sa Tagalog o para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang: **vancouver.ca/eht**

ANO ANG BAGO PARA SA 2023:

- **Mananatili ang rate ng Empty Homes Tax (Buwis sa Bahay na Walang Nakatira) ng 2023 sa 3%.**
- **Ang mga Residential na pag-aari na dineklara bilang bakanteng bagong imbentaryo, mapanganib o nasira, o mga pangalawang tirahan na ginamit para sa mga medikal na layunin ay maaari na ngayong hindi maisama sa Empty Homes Tax.**

Para matuto nang higit pa tungkol sa mga eksemsiyon, pumunta sa vancouver.ca/eht (Ingles lang)

MAHALAGANG IMPORMASYON

Ang mga deklarasyon para sa 2023 na taon ng buwis ay nakatakda sa Pebrero 2, 2024.

Ang kabiguang magdeklara sa petsang nakatakda ay magreresulta sa $250 bylaw ticket at ang pag-aari mo ay matituturing na bakante at sasailalim sa Empty Homes Tax.

Ang mga may-ari ay makakapagsumite ng late na deklarasyon sa katayuan ng pag-aari nang hanggang 5 taon mula sa taon ng pagsangguni ng pagkabakante sa pagsumite ng katanggap-tanggap na katibayan.

Maglalapat ng pataw na multang 5% sa nahuling pagsumite ng Empty Homes Tax.

PAANO GAGAWIN ANG DEKLARASYON NG KATAYUAN NG ARI-ARIAN MO

1. Pumunta sa vancouver.ca/eht-declare (Ingles Lang).
2. I-click ang "**Submit declaration**".
3. Ilagay ang numero ng Folio mo at ang Access code (Mahahanap ko ang mga ito sa harapan ng iyong abiso sa buwis).
4. Ilagay ang mga detalye sa pakikipag-ugnay sa iyo at piliin ang katayuan ng ari-arian mo. Maaaring atasan kang magbigay ng karagdagang impormasyon (tingnan ang likuran ng kalakip na ito para sa mga detalye).
5. Repasuhin ang deklarasyon mo.
6. I-click ang "**Declare**" para isumite ang deklarasyon mo.
7. Makakatanggap ka ng kumpirmasyon ng deklarasyon mo sa pamamagitan ng email.
   Maaari kang magbigay ng pahintulot sa ibang tao para magsumite ng deklarasyon sa ngalan mo.

KUNG NAPILI KA PARA SA PAG-AUDIT

- Makakatanggap ka ng abiso mula sa amin na may mga tagubilin sa kung anong katibayan na kailangan mong ibigay.
- Iba-iba ang oras ng pagproseso ng audit, at ang kulang o maling katibayan ay maaaring makaantala sa proseso. Maaari kang makatulong na maiwasan ang mga pagkaantala sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga kumpletong talaan para sa taon ng buwis kung saan ilalapat ang audit.
- Lahat ng mga deklarasyon ng katayuan ng ari-arian ay potensiyal na sasailalim sa pag-audit, para malaman ang pagiging balido nito at hikayatin ang pagtupad.
- Pinipili ang mga pag-audit gamit ang mga metodolohiya sa pag-sample na kaayon ng mga pinakamahusay na kasanayan para sa mga programang buwis ng probinsyal at pederal.
- Matuto pa sa **vancouver.ca/eht** (Ingles Lang)

PAGBABAYAD NG IYONG ADVANCE TAX NOTICE

- Manyaring magbayad ka online o sa koreo. Ang mga personal na pagbabayad ay maaaring gawin sa lokal mong bangko o sa City Hall. Pakitingnan ang vancouver.ca/contact o tumawag sa 3-1-1 para sa up-to-date na mga detalye sa pag-access sa City Hall.
- Alamin ang oras ng pag-cut off ng transaksiyon ng bangko mo para sa mga online na pagbabayad. Ang mga transaksiyong ginawa bago ang oras ng pag-cut off ay ipoproseso sa araw ding iyon. Ang mga transaksiyong ginawa sa o makalipas ang oras ng cut off ay ipoproseso sa susunod na araw ng negosyo.

Ang Empty Homes Tax ng Lungsod ng Vancouver ay hiwalay mula sa Speculation and Vacancy Tax ng probinsyal na pamahalaan. Para sa karagdagang impormasyon sa buwis ng probinsiya, pumunta sa:

gov.bc.ca/spectax

MAG-SIGN UP ONLINE

Sa mga online na serbisyo para sa buwis, maaari mong piliing matanggap ang susunod mong bill/abiso sa pamamagitan ng email, suriin ang balanse ng account mo, at higit pa. Magpatala ngayon sa vancouver.ca/tax

©2023 City of Vancouver | 23-245 | Tagalog

EMPTY HOMES TAX

2023 na deklarasyon ng taon ng buwis

Maaaring kailangan ang karagdagang impormasyon para isumite ang deklarasyon mo

Pakirepaso ang talahanayan sa ibaba at siguruhin na mayroon kang lahat ng kailangang impormasyon kapag ginawa mo ang deklarasyon ng katayuan ng ari-arian mo.

Katayuan ng pag-aari sa 2023	Impormasyong kailangan sa oras ng deklarasyon
Ang pag-aari ay ginamit bilang pangunahing tirahan ng miyembro ng pamilya, kaibigan, o pinahintulutang umokupa, ng di bababa sa anim na buwan sa loob ng taon.	• Buong pangalan at numero ng telepono ng taong umokupa sa pag-aari
Inupahan ang pag-aari para sa layuning residensyal ng di bababa sa anim na buwan, sa mga panahon ng 30 o mahigit na magkakasunod na araw.	• Buong pangalan ng (mga) umuupa na nakalista sa bawat kasunduan sa pag-upa
Ang pangunahin mong tirahan ay nasa labas ng Greater Vancouver pero inokupahan mo ang pag-aari mo para sa layuninng residensyal ng di bababa sa anim na buwan dahil full-time kang naka-empleyo sa Greater Vancouver. Ang katangian ng pag-empleyo ay nangailangan ng pisikal na presensiya sa Greater Vancouver.	• Pangalan at impormasyon sa pagkontak ng iyong employer
Ang pag-aari ay alinman: • Sumasailalim sa muling pag-develop o mga pangunahing renobasyon kung saan nabigyan ng mga pahintulot sa panahon ng reperensiya **o** • Ang mga lupa ay bakante, ay pamanang pag-aari o bahagi ng phased na development na may mga aplikasyong isinumite sa panahon ng reperensiya.	• Numero ng Building o development permit/ numero ng aplikasyon ng pagtayo o pag-develop **at** • Maikling paglalarawan ng konstruksiyong proyekto
Walang umookupa sa pag-aari ng mahigit sa anim na buwan dahil lahat ng mga umookupa ay nakatira sa ospital, pangmatagalan o pangsuportang pangangalagang pasilidad, at dati nilang ginamit ang pag-aari bilang pangunahing tirahan o inookupahan ito bilang umuupapara sa layuning residensyal.	• Pangalan ng taong nakakatanggap ng pag-aalaga **at** • Pangalan at impormasyon sa pagkontak sa medikal na pasilidad
Ang pag-aari ay sumailalim sa kautusan ng korte, pagdinig ng korte, o kautusan ng pamahalaan na nagbabawal sa paninirahan at mga pagkilos para pahintulutang maokupa ay masigasig na isinagawa at walang antala, ayon sa anumang timeline ng kautusan.	• Numero ng file/kautusan ng korte

May mga karagdagang impormasyon na maaaring kailanganin kasunod ng iyong pagsumite sa deklarasyon, kasama ang pero hindi limitado sa:

- Insurance at pagpaparehistro ng sasakyan sa ICBC
- Patunay ng personal na pagkakakilanlan na isyu ng gobyerno, kasama ang driver's licence, BCID card, British Columbia Services Card
- Mga income tax return at abiso ng pagtatasa, kasama ang mga iskedyul sa kita sa pagpapaupa
- Mga kontrata sa pag-empleyo, statement ng sahod o mga record of employment
- Homeowners Insurance Policy
- (Mga) kasunduan sa pag-upa
- Mga statement ng bangko

©2023 City of Vancouver | 23-245 | Tagalog